Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

Si Daniel sa Kulungan ng mga Leon

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Jonathan Hay

Ibinagay ni: Mary-Anne S.

Isinalin ni: Christine Cornejo

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2011 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag,
ngunit hindi maaaring ipagbili.

Si Darius ang bagong hari ng Babilonia. Siya ay isang matalinong hari. Pinili niya ang 120 na pinakamahusay na tao sa kanyang kaharian upang makatulong sa kanyang tuntunin.

Pagkatapos siya ay muling pumili ng tatlo sa kanila upang maging opisyal. Si Daniel ay isa sa mga tatlong opisyal.



Iginalang ni Haring Darius si Daniel, kaya't kanyang naisip na gawin siyang tagapamahala ng buong kaharian.



Ang ibang mga lider ay nanibugho. Sila ay nagplano na hanapan si Daniel ng pagkakamali upang hindi masiyahan ang hari sa kanya.



Kahit ano ang kanilang gawin, ang mga lider ay walang mahanap na pagkakamali kay Daniel. Si Daniel ay tapat sa hari. Siya rin ay maingat at matalino, at lahat ng kanyang ginagawa ay sa abot ng kanyang makakaya.

Ngunit naisip ng mga lider ang isang paraan upang mapahamak si Daniel. Alam nila na walang makapipigil kay Daniel
na sumamba sa
Diyos ng Israel.



Nakaisip ng plano ang mga kaaway ni Daniel. Sila ay gumawa ng isang bagong batas para pirmahan ng hari. Ayon sa batas na ito, lahat ay dapat manalangin lamang kay Haring Darius. Sinumang hindi sumunod ay ipapatapon sa kulungan ng mga leon.

Pinirmahan ni Haring Darius ang bagong batas.

Ang bagong batas ay walang nagawa kay Daniel. Pinagpatuloy niya ang kanyang gawain ng tatlong beses sa isang araw. Siya ay lumuluhod sa kanyang bukas na bintana, at nananalangin sa Diyos.



Nagmadali ang mga lider na magsumbong sa hari. At si Haring Darius ay walang magawa kung hindi sundin ang batas. Si Daniel ay mamamatay. Sinubukan ng hari, ngunit hindi niya maaring baguhin ang batas.

Ang kaparusahan kay Daniel ay ang pagtapon sa kulungan ng mga leon. Ngunit bago siya itapon sa mga nagugutom na leon, sinabi sa kanya ni Haring Darius, "Ang iyong Diyos, na iyong pinaglilingkuran, ang magliligtas sa iyo."

Ang hari ay hindi nakatulog ng gabing iyon. Kinaumagahan, siya ay nagmadaling pumunta sa kulungan ng mga leon.

Sumigaw ang hari, "Daniel, lingkod ng Diyos na buhay! Iniligtas ka ba ng Diyos na iyong pinaglilingkuran ng buong katapatan?" Maaring ang hari ay walang inaasahan na sagot. Subalit si Daniel ay sumagot!

Sumigaw si Daniel, "Ang aking Diyos ay nagpadala ng Kanyang anghel at isinara ang bibig ng mga leon upang hindi na nila ako saktan! At mahal na hari, ako po ay walang maling nagawa sa inyo."

Si Haring Darius ay natuwa! Iniutos niya na ilabas si Daniel sa kulungan.



Nalaman ng hari na Diyos ang nagligtas kay Daniel, at ang mga kaaway ni Daniel ay mga kaaway din ng Diyos. Ang hari ay nagbigay ng isang utos, at lahat ng naglinlang sa kanya upang pirmahan ang masamang batas ay siyang tinapon sa kulungan ng mga leon. Kinain sila ng mga leon.

Nais ni Haring Darius na malaman ng buong mundo na ang Diyos sa Langit ang nangalaga sa Kanyang tapat na lingkod, si Daniel. Sumulat ang hari ng utos na ang lahat ay sumamba sa Diyos. Binalik ng hari kay Daniel ang karangalan at pamumuno.

Si Daniel sa Kulungan ng mga Leon

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Daniel 6

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16